Pilipino star ngayon I 24 July 2018 I page 3

# ‘Tapang at Malasakit’ ni Mayor Sara nasa QC na

**Ni ANGIE DELA CRUZ**

Pormal nang inilunsad kahapon sa lungsod Quezon ang programang "Tapang at Malasakit Alliance" ni Davao City Mayor Sara Duterte kasama si Vice Mayor Joy Belmonte.

Ang naturang malakihang pagtitipon ay dinaluhan din ng mahigit 2,000 katao buhat sa iba't ibang sektor kabilang ang nasa hanay ng mga kababaihan, LGBT, TODA, pamilya ng mga OFWs, kabataan at Ma-yor Rodrigo Roa Duterte group na isinagawa sa Trinity University sa Quezon City, kahapon ng umaga.

Ayon kay Vice Mayor Joy Belmonte na ang alliance ay naglalayong bumuo ng community volunteers para makiisa sa nation building.

"Tapang at Malasakit ay isang non-political movement ni Mayor Sara Duterte. Ang kanyang vision ay bumuo ng community volunteers na handang tumulong at mag-participate sa nation building," dagdag pa ni Belmonte.



*Sina Quezon City Vice Mayor Joy Belmonte, Davao City Mayor Sara Duterte, Taguig City Mayor Lani Cayetano at Presidential Management Staff Usec Karen Jimeno sa kanilang symbolic Duterte sign matapos ang isinagawang paglulunsad ng ‘Tapang at Malasakit Alliance’ sa lungsod Quezon kahapon. (Kuha ni Boy Santos)*

Sa kanyang mensahe naman, sinabi ni Mayor Duterte na siya ay natutuwa na kaalyansa na niya ngayon ang QC sa adhikain na mabigyan ng tulong lalo na ang mga kapuspalad at nangangailangan.

"Ako ay nagpapasalamat kay Vice Mayor Belmonte dahil kaalyansa na ngayon ng Tapang at Malasakit ang Quezon City. Ako ay natutuwa na kayo ay sumusuporta sa ating adhikain na mapagkalooban ng tulong ang ating mamamayan. Ang mungkahi ko lamang ay huwag na tayong maghintay pa na kumilos ang barangay at mga pulis, kusang loob na po tayong magkaloob ng tulong sa ating kapwa, magkaisa po tayo sa pagbabago, suportahan po natin ang ating Pangulong Rodrigo Duterte para makapagbigay ng magandang buhay sa ating mamamayan," pahayag ni Mayor Duterte.

"Akoy nagpapasalamat sa inyong lahat for coming together sa pagsanib sa QC chapter Tapang at Malasakit. Ito ay passion ni Pangulong Duterte noong tumakbo siya sa pagka-presidente. Doon sa Davao nag-volunteer kami para sa kanya kasama ang women's sector, OFW, nagkaisa kami na mag-volunteer para tulungan ang kanyang kandidatura dahil gusto natin makita ang tunay na pagbabago. Pero ngayong Presidente na si Pangulong Duterte ay nakalimutan na natin na kailangan nating ipagpa-tuloy ang voluntarism hindi lamang sa national level kundi sa sariling communities sa mga barangay," bahagi ng talumpati ni Mayor Duterte.

"Kailangan nating mag-volunteer, hindi na para kay Pangulong Duterte kundi para sa mga barangay kahit maliit na bagay na makisama tayo at sumunod tayo sa batas na di na tayo kailangan e-remind ng mga kapitan at pulis sa dapat nating gawin yun simple act natin na alam natin ang tamang gawin para iwasan ang mali," bahagi pa ng talumpati ni Mayor Duterte.

Sa kanyang panig, sinabi naman ni Belmonte na siya ay natutuwa at kaisa na ngayon ng "Tapang at Malasakit" ang QC.

"Nakiisa po tayo sa 'Tapang at Malasakit' dahil naniniwala at nakikiisa tayo sa mga hangarin at adhikain nito tungkol sa pagbabago. Kasama ko po ang mga lider ng iba't ibang organisadong sektor dahil mahalaga sa amin ang inyong presensiya, kabilang ang QC sa adhikain na maglaan ng pagtulong sa kapwa kagandahang loob, susuportahan at paninindigan ang magandang bukas para sa ating lungsod," pahayag ni Belmonte.

Bago ito, pinangunahan din nina Mayor Duterte at Vice Mayor Belmonte ang pagkakaloob ng 500 bags na may laman na mga school supplies para sa mga kabataang mag-aaral at 500 bags ng health kits sa mga nanay ng Quezon City sa isang simpleng seremonya na isinagawa sa Brgy. Pinyahan QC.